

1

Patuyang napangiti sa sarili si Colleen habang lulan ng elevator paakyat sa gusaling iyon. Hindi mawala-wala sa isip niya ang pahabol na sinabi ng kanyang superior tungkol sa latest assignment niya nang palabas na siya sa silid nito nang nagdaang araw.

“Nga pala, I want you to know that Atty. Lazarus is one of the most sought-after young lawyers in the country today not just because he is good at his stuff, but also because he is damn stunning. Be careful at baka mahulog ang pihikan mong puso sa charm niya,” anito na bagaman tinawanan lang niya, it still hit something in her.

May tila kung anong damdamin ang bumangon sa dibdib niya na tila ba matagal nang nakabaon sa limot. Ayaw man niyang isipin, pero parang multo ng kahapon ang kahaharapin niya ilang minuto lang mula ngayon.

Seven years, her mind automatically calculated.

She sighed. She couldn't understand the apprehension she suddenly felt. Hindi pa siya kailanman nakaramdam ng ganoon sa tagal niya sa

industriya. She became known for her oozing self-confidence since she started working as a reporter. The very reason why it was easy for her to create a name in the broadcast industry and became famous at it. Siya iyong tipo ng taong walang inaatrasan at kinatatakutan.

Pero ngayon, bakit tila nagdadalawang-isip siya na gawin ang trabahong ibinigay sa kanya ng boss niya? Dahil ba hindi lang basta isang sikat at magaling na abogado si Atty. Curt Lazarus but someone special from her past?

Come on, Colleen. You've already got over him, remember? anang isang bahagi ng utak niya.

Oo nga, matagal nang tapos ang kahibangan niya sa lalaki. Di ba nga matagal nang panahong naibaon niya ito sa limot, kaya hindi siya dapat na mabahala sa muling pagkukrus ng mga landas nila ngayon? Sa isiping iyon, parang kumalma ang naliligalig niyang kalooban.

Ipinilig niya ang ulo bago nagpakawala ng isang malalim na buntong-hininga. Saka naman bumukas ang pinto ng elevator sa palapag na pakay niya. Nang makita ang signage ng opisina ni Atty. Lazarus ay kumatok siya bago pumasok. Naroon na ang kanyang cameraman.

Muling bumalik ang di-maipaliwanag na kabang bumalot sa puso niya habang hinihintay ang takdang oras ng kanyang appointment kay Atty. Curt Lazarus pagkarating nila sa opisina nito. Hindi pa man umiinit ang puwitan niya mula sa pagkakaupo ay alumpihit na siya. Pakiramdam niya, anumang sandali ay sasabog siya sa tindi ng tensyon.

“You want something to drink, Miss Colleen?” Curt’s secretary asked. Nahalata siguro nito ang pagiging alumpihit niya.

“No, thank you,” she replied with a sweet smile on her lips. Ginawa niya iyon para pagtakpan ang nararamdamang tensyon. “By the way, where’s the ladies’ room?”

“This way, Miss Colleen,” anang babae, sabay muwestra sa kanya patungo roon.

May pagmamadaling tinahak niya ang daang tinuro ng sekretarya. She really needed to go to some other place in order to breathe air. She needed to freshen up, baka sakaling maalis sa pamamagitan niyon ang tensyong nararamdaman niya. Pakiramdam niya talaga ay hindi na siya makahinga.

Ayaw man niyang tanggapin pero nag-uumaapaw ang katotohanang magpahanggang ngayon pala ay

malakas pa rin ang epekto ni Curt sa pagkatao niya. Buong akala niya ay tuluyan nang nabura sa puso niya ang lalaki matapos nilang di magkita nang kung ilang taon.

Hindi man naging madali sa kanya ang pagsusumikap na kalimutan ang kanyang first love, nagising na lang siya isang umaga na hindi na naiisip si Curt. And she thought that was a good progress but now that she was about to meet him after seven long years, hindi na siya sigurado kung paano ulit haharapin ang kanyang kahapon.

You came here because of your work, Colleen Anne, so act professionally. Set aside your personal feelings from this one, she reminded herself as she looked at her reflection in the mirror.

Hindi na siya nag-abala pang mag-retouch ng kanyang makeup. Para ano pang magpaganda siya kung noon pa man ay hayagan na ang pagpapakita ni Curt ng disgusto sa kanya. Kailanman ay hindi niya nakita na may affection ito para sa kanya kahit pa halos pag-agawan siya ng lahat ng lalaki sa campus nila noon.

Tigilan mo na ang kakailusyon kay Curt, saway ng isang bahagi ng utak niya.

Muli niyang pinagmasdan ang repleksyon sa salamin bago nagpasyang bumalik sa pinanggalingan . Timing namang kalalabas lang ng sekretarya mula sa loob ng private office ng binata.

“P’wede na po kayong pumasok, Miss Colleen,” nakangiting salubong nito sa kanya.

She plastered a smile on her face. “Thank you. Halika na, Phil,” aniya sa babae bago niyaya ang cameraman papasok sa loob.

“Miss Colleen, kayo lang po ang p’wedeng pumasok,” pigil ng sekretarya sa napipinto na sana nilang pagpasok. There was an apologetic look on her face.

Napakunot-noo siya. Paano siya mag-i-interview kung hindi niya kasama ang cameraman? Ito ang mag-co-cover ng buong proseso, kaya nakapagtataakang siya lang ang papapasukin ni Curt.

“Kakausapin pa po muna kayo ni Attorney bago ang interview,” paliwanag nito.

“Okay. Just stay here for a while, Phil,” aniya bago puno ng kumpiyansang nagmartsa papasok sa nakabukas nang pinto.

Nakita niyang nakatayo ang abogado paharap

sa glass window kung kaya likod lamang nito ang namalas niya. Di niya napigilang hagurin ng tingin ang nakatalikod na binata. Pero bago pa siya mawala sa tunay na layunin sa pakikipagkita rito ay natagpuan na niya ang kanyang dila.

“Good morning,” she greeted him, wearing the same smile she wore everyday. She already conditioned herself, kaya bumalik na ang very professional niyang ugali.

Napaharap mula sa pagkakatalikod ang lalaki. Nakapamulsa ito at wala siyang mabasang emosyon sa mukha nito.

So he is still the same Curt I knew na hindi kakikitaan ng emosyon, naisip kaagad niya.

“What brought you here, Miss Morris?” he directly asked in a voice full of authority. Noon pa ma’y hindi na talaga ito marunong magpaliguy-ligoy. Bagay nga rito ang napiling karera.

Akala ni Colleen ay napaghandaan na niya ang pagkikita nilang iyon ni Curt, pero bakit tila napako siya sa kinatatayuan at tila hindi makagalaw? Pakiramdam niya ay parang tumigil ang inog ng mundo at parang sila lamang dalawa ang tao sa paligid. At tila kay sikip ng pakiramdam niya gayong

hindi naman gahibla ang pagitan nila.

Gayunpama'y nagawa pa ring pag-aralan ng dalaga ang kabuuan ng kaharap. Sa paningin niya ay mas lalong naging katakam-takam ang hitsura ni Curt. He grew into a very respectable gorgeous man mixed with an air of authority. Mukhang tama ang superior niya sa sinabi nito nang nagdaang araw.

Napalunok pa siya nang mahagip ang malapad na dibdib nito at ang mga brasong tila kay lalakas pero kay sasarap namang yumakap at gawing unan sa paghiga. At tulad noong kabataan niya, tila nablangko ang utak niya pagkakita rito.

“You like what you’ve seen, Miss Morris?” There was sarcasm in his voice when he spoke.

Ang mga katagang iyon ang nagpabalik sa kanya sa realidad.

“I came here for an interview, Atty. Lazarus. Didn’t your secretary told you otherwise? I made my intention clear yesterday when I asked her for an appointment,” she said with equal composure. Hindi niya hahayaang mapahiya ang sarili sa harap ng binata.

“She did,” he answered. “What is that interview all about?”

“It’s about the latest murder case you are handling right now.”

Saglit nitong pinag-aralan ang mukha niya na tila ba may binabasa roon.

“You knew me already, Miss Morris, don’t you? Have you forgotten that I’m a private person? I hate publicity, moreso for my valued clients. Media will just make the worst out of this case and I don’t have the heart to put my client’s security at stake.”

“But...”

“No more buts, please. You can leave now,” he dismissed her.

Napatiim-bagang ang dalaga sa hayagang dismissal na iyon. Nagsimula nang uminit ang ulo niya at gusto niyang magprotesta. Para ano pang tinugon ni Curt ang paghingi niya ng appointment kung mapupunta lang sa wala ang lahat? Puwede namang tanggihan siya nito noong kumukuha pa lang siya ng appointment para hindi nasayang ang oras niya. Pinaasa lang siya ng binata na makakakuha siya ng scoop sa hawak nitong kaso.

“Okay, you win. I will leave you in peace for now, Curt, but I promise to come back very, very soon. Hindi mo ako mapapasuko nang gan’on-gan’on lang,”

mahinahon niyang sabi. Wala siyang mapapala kung magpapadala siya sa init ng ulo.

Nakita niyang tumaas ang isang sulok ng mga labi nito, tanda ng panunuya nito sa kanya.

“Don’t take this personally, Miss Morris,” sabi pa nito.

Her eyes widened in disbelief. How could this man talk to her like that? Lalo lang nitong pinaiinit ang ulo niya.

“Who’s taking this personally, Atty. Lazarus?” she snapped. “Di ba ikaw? Bakit ka pa pumayag na makakuha ako ng appointment sa ’yo kung hindi ka pala magpapa-interview sa akin? In the first place, pupuwede namang tanggihan mo ako n’ong una pa para hindi nasayang ang oras namin ng cameraman ko. Mahalaga sa akin ang bawat minuto ng bawat oras, alam mo ba ’yon?” dugtong niya. Hindi niya mapigilan ang sariling di magalit dahil nagmistula lang siyang tanga, considering that she was tensed as well as excited to meet him a while ago. Pero ngayon, sa ganito lang mauwi ang lahat?

“Oh, come on, Colleen. Akala ko ba you’ve already outgrown that behavior? You are still the same Colleen Anne Morris I know. Lahat ng gusto ay

kailangang mapasakanya.”

Napapikit na lang siya para pigilan ang sariling sagutin pa ang binata. Hahaba lang ang diskusyon nila kung papatulan niya ito. She really never expected this. She was thinking positively that Curt would be very cooperative. Pero mukhang pahihirapan lang siya nito.

“I have to go. Thank you for your time, Atty Lazarus, and have a nice day,” aniya. Gaya noong kabataan nila ay pinagbigyan niya ang binata sa mga pagkakataong nagkakaroon sila ng diskusyon at di-pagkakaunawaan.

Kaagad na siyang lumabas ng opisina nito. Disappointed siya sa kinalabasan ng kanilang meeting. Naiinis siyang di niya maintindihan pero wala naman siyang magawa. She felt cheated.

Kung lumingon lang siya ay nakita niya sana ang mischievous smile na naglalaro sa mga labi ni Curt.

“O, ba’t sambakol ’yang mukha mo?” salubong sa kanya ng best friend niyang si Tina na kasama rin niya sa trabaho.

“Damn him, Tina!” she cursed.

“Him? You mean Curt?”

“Who else?” she exasperately said. “He is making it hard for me, Tina. Biruin mong pinapunta lang kami ng lalaking ’yon sa opisina niya na wala kaming napala. Sinayang lang niya ang panahon namin. Kung di lang talaga kailangang-kailangan ko ang mga pahayag niya sa interview, hindi na talaga ako nagpunta roon. I could have sent someone to do the job for me to avoid that... that... man,” ang halos di humihingang kuwento niya.

Napangiti ito. “Oh, boy! So, he is still the same Curt we knew. ’Yong tipong playing hard-to-get at masaya kapag magkasalungat kayo ng opinyon at nag-aaway?”

Marahas na buntong-hininga ang pinawalan niya. “Kung bakit kasi sa akin pa ibinigay ang kasong ’to. P’wede namang ikaw na ang gumawa nito, di ba?” desperadang saad niya.

“Hey! That’s your forte, my friend. Alam ng mga boss natin na sisiw lang sa ’yo ang mga kasong ganyan. Isa pa, marami ring assignment ang nakatoka sa akin, kaya hindi ko matututukan ang kasong hawak mo,” alo nito. “Don’t tell me, surrender ka na agad? Nang dahil lang sa isang lalaking katulad ni Curt Lazarus ay aayaw ka na? Hindi ganyan ang Colleen Anne na

kilala ko,” dugtong pa nito.

“Pinepersonal ako ni Curt, eh,” maktol niya.

“Are you sure si Curt ang namemersonal sa ’yo or the other way around?” panunukob ng kausap.

Hindi makapagsalita ang dalaga sa hayagang tanong ng matalik na kaibigan.

“Wag mo ng masyadong isipin ’yan. Just pray na mahipan ng masamang hangin si Curt at maawa na sa ’yo at magpa-interview na,” pabiro nitong sabi, sabay tapik sa balikat niya. Bumalik na rin ito sa mesa nito.

Napatiim-bagang siya. Halu-halo ang mga emosyong nararamdaman niya nang mga sandaling iyon.

At para ma-divert ang atensyon niya mula sa muling pagkikita nila ni Curt ay hinarap na lang niya ang iba pa niyang trabaho. Pero kahit na anong pilit niyang magtrabaho ay di niya talaga magawang makapag-concentrate. Her meeting with Curt really did her no good. She was disturbed, bothered, and distracted now which was unlikely of her. Never in her seven years in the broadcast industry na na-distract siya nang ganoon. Kung tutuusin, batikan na siya sa larangang pinili niya.

Bakit kailangan pa nating magkita ulit, Curt? himutok niya. Halos mabali ang hawak niyang ballpen sa higpit ng pagkakahawak niya.

Nang wala talaga siyang magawa, nagpasya na siyang umalis. Wala siyang mapapala kung uupo lang siya sa harap ng kanyang laptop, staring at the blank screen. Ni wala siyang maisulat na report.

“Tina, I have to go,” paalam niya sa kaibigan na abalang-abala sa ginagawa . Hawak pa ng isang kamay nito ang news report na iuulat nito mayamaya lang.

“Okay, see you sa bahay mamaya,” anitong di man lang tumingin sa kanya.

Kaagad niyang tinungo ang parking lot kung saan naroon ang kanyang lumang pick-up na siyang gamit niya kapag nagtatrabaho. Komportable kasi siya kapag iyon ang gamit niya, especially when she goes out-of-town.

“Bring me anywhere, Baby,” kausap niya sa sasakyan nang nasa manibela na siya.

Walang tiyak na destinasyon si Colleen. Basta lang siya nag-drive nang nag-drive hanggang sa napansin niyang patungong Laguna na pala siya. Hindi niya alintana ang oras at panahon. Kahit

pagabi na at umaambon na rin ay sige pa rin siya sa pagmamaneho.

Malayu-layo na rin ang natakbo ng sasakyan niya nang mapansing gumiwang ang panghulihang gulong. Bigla niyang tinapakan ang preno para matingnan kung tama ang hinala niyang na-flat tire siya.

Why now? naisip pa niya bago inabot ang flashlight na nakatago sa glove compartment.

Hindi na siya nag-abalang kunin ang payong na naroon lang katabi ng flashlight. Magiging sagabal lang sa kanya kapag magpapayong pa siya.

Pagkababa ay kaagad niyang tiningnan ang dalawang gulong at tama nga ang hinala niyang flat tire ang isa, iyong nasa bandang kanan. Sa inis niya ay napapadyak siya.

Pag minamalas ka nga naman! aniyang napatingala pa sa langit.

It was indeed a bad day for her, simula sa paghaharap nila ni Curt kanina hanggang sa flat tire niya. And she had to change the tire in the middle of the rainshowers at sa walang katau-taong lugar pa.

Ilang sandali pa'y nagtanggap na siya ng sapatos

na suot, tinupi ang slacks pati ang manggas ng long-sleeved blouse at pagkatapos ay sumampa sa trunk ng sasakyan para kunin ang extra tire na naroon. Matapos maibaba ang gulong ay kinuha na rin niya ang toolbox para masimulan na ang pagpapalit ng gulong. Walang kaso sa kanya ang gawin iyon dahil marunong naman siya. Isa pa, she could fix almost everything.

Kung kailan nakapuwesto na siya para palitan ang gulong ay biglang lumakas ang buhos ng ulan. Napabuntong-hininga na lang siya nang maramdaman ang lamig ng tubig-ulan na dumampi sa kanyang balat.

Biglang lumitaw ang imahe ni Curt sa kanyang isipan. Inis na iwinaksi niya iyon.

2

Tatlong sunud-sunod na busina mula sa isang sasakyang paparating ang narinig ni Colleen.

Pinili niyang huwag lingunin iyon at umayos ng puwesto sa harap ng gulong na papalitan niya. Maayos naman niyang nai-park ang kanyang sasakyan, kaya tiyak siyang hindi siya makakasagabal sa sinumang motoristang dumaan. She even turned on her hazard light and put on an early warning device to inform motorists she was working on her car.

Pero nang muling bumusina ang driver ng sasakyang nasa likuran na ng pick-up niya ay inis na binalingan niya ito. Nakahinto na pala iyon, pagkuwan ay sumungaw ang ulo ng driver sa nakabukas na ring bintana.

“You need some help?” he asked.

Hindi niya maaaring ipagkamali sa iba ang boses na narinig. O baka sa kaiisip niya rito ay bigla na lang itong nag-aparisyon.

“C-Curt?” paniniyak niya.

Bumukas ang pinto sa driver side at bumaba roon

ang binata na nakapayong.

“What are you doing here, Colleen?” he asked as he came closer. Nahihimigan niyang may hindi magandang damdamin na kalakip sa tanong na iyon.

“Changing my flat tire, what else?” she snorted. Wala siyang balak magpa-cute dito ngayon lalo’t sariwa pa sa alaala niya ang impact ng pagkikita nila kanina. Feel talaga niyang magtaray ngayon.

“I’m not dumb, Miss Morris. Of course I know what you are about to do. Ang ibig kong sabihin, ano’ng ginagawa mo rito sa Laguna nang ganitong oras? Are you up to something?” he answered back.

“Like what?”

“Like following me in order to get that desired interview you wanted to have just this afternoon.”

“Cut that crap, Curt. I never came here for that matter. Ang kapal naman ng mukha mo para mag-assume ng ganyan. Wala na ba akong karapatan para pumunta ng Laguna? At ano’ng sabi mo, sinusundan kita? Hah! Ni hindi ko nga alam na papunta ka pala rito. Isa pa, hindi ako manghuhula para malaman ko agad kung saan ang punta mo.”

“Malay ko ba kung ano ang tinatakbo ng utak

mo. You're an investigative reporter and you know how to play your game in order to get the story you wanted," anito, mahihimigan ang panghuhusga sa tono nito. "Malapit lang dito ang bahay ko, alam mo ba 'yon?"

"Really!" eksaherada niyang saad. "O, di umuwi ka na sa inyo at 'wag mo na akong buwisitin dito. Nilalamig na ako and I want to finish this thing here para makauwi na ako," pagtataray niya bago dinampot ang tools para masimulan na ang pagpapalit ng gulong.

Nang maramdaman niyang hindi pa rin tuminag si Curt sa kinatatayuan nito ay nilingon niya ulit ito.

"Why don't you just go?" she asked, irritated.

"You're really determined to do that, aren't you?"

"Of course I do. Ano naman ang akala mo sa akin, pagpapa-beauty lang ang alam? In the first place ay hindi ko ibababa 'tong extra tire ko if I do not know how to change tire!"

"Bakit ba ang high blood mo?" natatawang saad nito.

"At may gana ka pang tanungin ako ng ganyan? Can't you see you're taking my time? Kanina pa sana

ako tapos rito kung hindi ka dumating. You're so inconsiderate, Curt. Kita mo nang basang-basa na ako rito 'tapos tatanungin mo ako kung bakit naha-high blood ako. My goodness!" There was sharpness in her voice. Akalain ba niyang sa bangayan ulit nauwi ang second meeting nila ng binata.

Natahimik ito. "I'm sorry, Colleen," pagkuwan ay hinging paumanhin nito.

Hindi na lang niya pinansin iyon kahit mukha namang sincere ito sa sinabi.

"I said I'm sorry."

"O sige na, apology accepted. Iwan mo na ako rito, please," taboy niya rito. Muli niyang itinuon ang atensyon sa gulong na papalitan niya.

"Napakawalang-puso ko naman kapag aalis ako rito without offering my help."

"I don't need your help, okay. I can manage myself," she replied without looking at him.

"But you have to change your soaked clothes. Tiyak magkakasakit ka niyan pag suot mo pa hanggang mamaya 'yang damit mo," anito.

Hindi siya nagsalita.

“Please, Colleen, sumama sa akin sa bahay para makapagpalit ka ng damit at para makabawi na rin ako sa ‘yo.”

Tiningala niya ito, sabay kunot-noo.

“Please. Hindi naman ako gan’on kasama para iwan ka rito nang gan’on-gan’on lang. Look at you, basang-basa ka na. Isa pa what if may mangyari sa ‘yo rito?”

Napahinuhod na rin siya. “Pero pa’no ‘tong anak ko?” tukoy niya sa pick-up.

“Leave it to me. Halika na sa kotse,” yaya nito, sabay tangkang payungan siya.

“Mauna ka na sa kotse mo at ‘wag mo na lang din akong payungan tutal basang-basa na ako. Ililigpit ko lang itong mga ito,” aniya.

Tahimik na napapalatak ang binata. Umiling-iling pa ito. “Why don’t you just let me show you my manners?” natatawa nitong saad bago dinampot ang toolbox niya.

Ito na ang nagligpit ng mga iyon. Ito na rin ang nagpatay ng makina ng pick-up niya. “Let’s go.”

At tulad ng sinabi nito ay nagpakamaginoong ito at ipinagbukas siya ng pinto.

“Here, take this para hindi ka lalong lamigin diyan sa suot mo,” ani Curt nang makaupo na ito sa harap ng manibela. Iniabot nito sa kanya ang hinubad na overcoat.

“T-thank you.” Akalain ba niyang magiging mabait talaga ito sa kanya ngayon at pakitaan siya ng ganoon.

Lihim na napangiti na lang ang dalaga nang maisuot na ang overcoat nito. Nagsimulang maglikot ang imahinasyon niya. Parang na-pi-picture niya ang sarili na kayakap si Curt habang suot ang coat nito. Hindi niya napigilan ang sariling huwag kiligin sa naisip.

Palihim pa niyang sinulyapan ang binatang buhos na buhos ang buong atensyon sa pagmamaneho. Bagaman hindi niya kita ang buong mukha nito sa anggulong iyon, kontento na siyang masilayang muli ang lalaking unang bumihag sa bata niyang puso.

Pero nang maisip na kahibangan ang muling umasam na mapapasakanya ang abogado, isang mapait na ngiti ang namutawi sa mga labi niya. What if engaged to be married na pala ngayon ito sa kung sinuman ang current girlfriend nito? Masasaktan na naman siya?

Kay sakit isiping hindi pa rin pala nagbago ang pagtingin niya rito sa kabila ng mga taong hindi niya nakita si Curt. He was her first love.

“Malapit na tayo, Colleen,” pukaw ng katabi sa kanyang pagbabalik-tanaw sa nakaraan.

“Mabuti kung gan'on. Giniginaw na talaga ako.”

Ilang sandali pa'y inihimpil na ng binata ang kotse sa tapat ng isang bahay na yari sa kahoy, sawali, at kawayan. Walang bakod iyon.

“This is your place?” she asked in amazement.

“Yes. This is one of my hideaways,” anitong nakangiti. Tuloy ay nakita niya ang dating Curt na kinabaliwan niya simula noong huling taon niya ng high school. Madalang man niyang makitang ngumiti ito noon sa kanya, but she loved it when he did.

Pinagbuksan ulit siya nito ng pinto. Hindi naman niya napigil ang sariling masdan ang paligid. May ilaw na nagmumula sa poste ng kuryente kaya kahit papaano ay naaaninag niya ang palibot.

“You have a nice place,” she commented.

“You do love this place?”

“Uh-huh. Naalala ko tuloy ang bahay ng mga

lolo at lola ko from my mother's side sa Bicol. I used to spend summer vacation with them since my childhood years. Recently lang ako ginahol sa oras. My schedule won't let me go on vacation," hindi niya mapigilang magkuwento.

"Good for you, may probinsya kang pinagbabakasyunan. Nakaka-bore kaya sa city. Kaya nga kinuha ko ang place na 'to para once in a while ay makakawala ako sa hassle ng Manila. Isa pa, I want to detach myself from the very busy life in the city and I want to experience a simpler life just like the people in the barrio," lahad nito. "Halika na sa loob para makapagpalit ka na."

Iginiya siya ng lalaki papasok sa bahay nito. At kung gaano kapayak ang hitsura ng harapan ng tahanan nito ay ganoon din ang sala na nabungaran niya. Isang sala set lang na yari sa kawayan ang tanging kasangkapang nakita niya. Ni wala siyang nakitang TV, DVD player o kahit stereo man lang. Pinanindigan nga ni Curt ang sinabi nitong mamuhay nang simple tulad ng mga tao sa baryo.

"Y-you live here alone?"

"Yes, but every other day, my caretaker comes here to clean the house. Once a week lang ako nagpupunta rito if my schedule permits me, kaya

walang masyadong gagawin dito sa bahay,” anito.
“Anyway, did you have your dinner?”

“Not yet.”

“Hmm... Ang mabuti pa’y maligo ka muna while I prepare our food. Okay lang ba sa ’yo ang sinigang na isda?”

“Of course. Ano naman ang akala mo sa akin, taga-ibang planeta at hindi kumakain ng isda? Hindi ako pihikan sa pagkain.”

Tumangu-tango lang ang lalaki . Naisip tuloy niya na baka nagdududa ito sa kanyang sinabi. Spoiled brat, liberated, rich girl pa naman ang iniwan niyang impression sa binata noong nag-aaral pa sila.

People change, Curt. People change, paulit-ulit na saad ng utak niya.

“Halika na sa banyo,” yaya nito.

Sumunod siya rito hanggang sa humantong sila sa pinakadulong bahagi ng kusina nito. Tulad ng sala ay simple lang din ang ayos ng kusina bagaman spacious iyon. May nakita siyang gas stove doon at isang katamtamang laking refrigerator. Napakunot-noo siya. Akala ba niya once a week lang umuuwi roon si Curt? Mukhang out of place naman yata ang

fridge sa bahay na iyon.

“Nakatira lang diyan sa likod-bahay ’yong caretaker ko at dito sila nag-iimbak ng pagkain sa bahay kaya meron ako niyan.”

Natawa tuloy siya nang lihim dahil parang may ESP ito at nabasa ang naisip niya.

“Here we are. Kukuha lang ako ng pamalit mo. May spare body soap at shampoo diyan sa loob, gamitin mo na,” pagbibigay-alam nito bago siya iniwan sa tapat ng pinto ng banyo.

Hindi nag-aksaya ng panahon ang dalaga, kaagad siyang pumasok doon.

“Colleen, ’yong tuwalya’t damit na pamalit mo, iiwan ko lang dito sa labas ng pinto. Ipinatong ko sa monobloc chair,” anang boses ni Curt mula sa labas ng banyo.

“Okay, salamat,” aniya.

Madaliang paliligo lang ang ginawa niya. Paano, lalo lang siyang gininaw sa lamig ng tubig na nagmumula sa gripo.

Kung kailan ready na siyang lumabas ng banyo ay biglang naisip ni Colleen ang maaaring hitsura niya ngayong suot na niya ang t-shirt na bigay ni Curt

na nagmukhang maikling duster sa kanya. Napatda siya sa tabi ng pinto at muling tiningnan ang sarili. Bakat na bakat ang mayaman niyang dibdib sa suot na t-shirt. At kalabisan mang sabihin ay wala siyang ni isang underwear na suot. Paano siya haharap ngayon sa lalaki sa ganoong hitsura?

“Curt,” tawag niya sa binata.

“Yes, you need something?” anito mula sa kusina.

“Can I use your bathrobe, if you have?”

“Di ba may t-shirt na akong ibinigay sa ’yo?”

“Ano kasi...” aniyang nahihirapang sabihin ang gustong iparating dito.

Pinuntahan siya nito.

“What seems to be the problem?”

“Eh, kasi...” bantulot pa rin niyang saad, nakasungaw lang ang ulo sa dahon ng pinto. Hindi niya masabi-sabi ang ibig sabihin. Ni hindi rin niya nagawang lumabas nang tuluyan mula sa loob ng banyo.

Mukhang naintindihan nito ang nais niyang ipahiwatig sapagkat napangiti ito ng pilyo. “Ibalabal mo na lang muna ’yong towel at pakitingnan ’yong

niluluto ko. Kukunin ko lang 'yung bathrobe.”

Nagkulay-kamatis ang kanyang mga pisngi sa narinig. Kahit lumaki si Colleen sa ibang bansa ay may pagka-conservative pa rin siya. Siguro ay sa ibang aspeto masasabing liberated siya, pero pagdating sa ganitong sitwasyon na sila lang dalawa ng binata sa loob ng pamamahay nito, pangit pa ring tingnan.

Kahit sabihin pang may gusto siya sa abogado ay hindi pa rin niya mabigyan ng justification ang kasalukuyang sitwasyon. At isumbat man ni Curt ang naging kapangahasan niya noong acquaintance party nila back in their college days, hindi naman siya ganoon kapakawala kung iyon ang impresyon nito sa kanya.

Bago pa siya mag-isip ng kung anu-ano ay sinunod na niya ang suhestyon nito na gawing balabal na muna ang tuwalya. Dali-dali na niyang tinungo ang kusina pagkatapos at inasikaso na ang mga nakasalang na kanin at ulam.

“Here’s the robe, Colleen,” untag ni Curt, sabay abot sa kanya ng roba nito.

Natigil sa ere ang sandok na hawak niya pagkarinig sa boses nito.

“Ako na ryan.”

“Sige,” tila nahiihiya pa niyang sabi. Ibinaba niya ang sandok at inabot ang robang dala nito. Tumalikod siya sa binata nang isinuot iyon. “Saan ko nga pala p’wedeng isampay ’yong mga basang damit?” tanong niya.

“Diyan lang sa likod-bahay. Use the other door, next to the bathroom,” anito na nasa niluluto na ang atensyon.

Muli niyang binalikan ang mga iniwang damit sa banyo at dinala sa sampayan. Isa-isa niyang isinampay ang mga iyon.

Natapos na siya sa pagsasampay ay hindi naman niya magawang pumasok ulit sa loob ng bahay. Hindi niya malaman kung ano ang iaakto sa harap ng binata. Gusto na tuloy niyang magsisi kung bakit pinaunlakan pa niya ang imbitasyon nitong isama siya sa bahay nito.

“Are you done, Colleen? I’m almost done with the cooking,” tawag ni Curt mula sa loob.

“Coming,” natataranta niyang sagot. Pagkapasok ay kaagad niyang hinarap ang pag-set ng mesa.

“Ako na riyan. Maupo ka na. You’re my guest tonight.”

“Your unwanted guest,” aniyang binuntutan ng tawa ang sinabi. “Just let me do this, Curt. I want to help.”

Nagkibit-balikat lang ito bago siya hinayaan sa gagawin.

Good conversationalist si Curt, kaya nawala na rin ang ilang na naramdaman ni Colleen. The man was indeed a gentleman. Lalo tuloy siyang na-in love dito ngayong nakilala niya ang isang bahagi ng pagkatao nito na hindi man lang niya nakilala noon dahil hindi na siya nabigyan ng pagkakataon. Nakontento na lang siyang tanawin ito mula sa malayo noon.

“Nga pala, tinawagan ko na ’yong kaibigan kong mekaniko. He’s probably changing your flat tire by now. Ihahatid na rin niya ang sasakyan mo rito,” pagbibigay-alam nito.

“Thank God at makakauwi na rin ako.”

“You’ll go home tonight?” he frowned.

Tumango siya. “I need to go to work first thing in the morning tomorrow.”

“But it’s still raining outside. Madulas ang kalsada.”

“I’m used to traveling in the middle of the storm.”

“I won’t allow you to drive home alone tonight. Dito ka na matulog,” anang binata na may finality sa boses.

“But...”

“Please stay, Colleen. Ayokong maging kargo pa ng konsyensya ko pag may masamang mangyari sa ’yo sa daan ngayong gabi. Maaga rin naman akong papasok bukas kaya mag-convoy na tayo.”

Walang nagawa si Colleen kundi ang manatili sa bahay ng binata. Pabor din sa kanya iyon. At least, maranasan man lang niyang tumira kasama ni Curt sa iisang bubong kahit sandali.

3

Nagising si Colleen nang maramdaman ang matinding ginaw. Inabot niya ang kumot saka itinalukbong iyon, pero hindi pa rin nakatulong para mapawi ang nararamdaman niyang pangangaligkig. Naisip niyang tawagin na lang si Curt para makahingi siya ng extra blanket ngunit nagdalawang-isip siya. Tiyak tulog na tulog na ang binata ngayon sa silid nito.

Pero nang hindi na talaga niya natagalan ang lamig ay nagpasya na siyang tawagin ito na kaagad namang dumalo sa kanya.

“What is it, Colleen?” he muttered as he switched on the light. There was a hint of concern on his face.

Mabuti na lang hindi niya ini-lock ang pinto, kung hindi ay kailangan pa niyang tumayo para pagbuksan ito. Nanlalambot pa naman siya.

“I... I need an extra blanket. I feel so cold.”

Nilapitan siya nito nang makitang halos mamaluktot na siya sa ginaw. Dinama nito ang noo niya.

“Oh, God! You have fever.”

That explained why she felt cold.

Ilang sandali pa'y nagsimula nang mag-chills si Colleen na halos ikinataranta ni Curt. Naghalungkat kaagad ito ng kakapalang kumot sa cabinet na kahoy na naroon sa silid na iyon at ibinalot sa kanya.

“Ang... lamig,” ang halos hindi mausal na pangungusap ng dalaga.

“Just wait for me here, Colleen. I’ll get some medicine.”

Patakbong lumabas ng kuwarto ang binata at pagbalik nito ay may dala nang isang pitsel ng tubig at baso. Nagsalin ito ng tubig sa baso bago siya inalalayan nito na makaupo.

“Here, drink this.” He popped a tablet of paracetamol into her mouth and assisted her in drinking the water.

Matapos makainom ng gamot ay muling namaluktot ng higa ang dalaga. Sa nakitang pangangaligkig niya ay hindi na nagdalawang-isip si Curt na tabihan siya sa kinahihigaan at yakapin na rin.

Nakabalik sa pagtulog si Colleen pero hindi naman nahihimbing, hindi pa man nag-aapat na oras

mula nang uminom siya ng gamot ay nilagnat uli siya. Umuungol siya sa tindi ng init na nararamdaman kaya tulak ng kagandahang-loob, naisip ng lalaki na i-sponge bath siya.

Nagmadaling kumuha ng mga kakailanganin si Curt sa pag-sponge bath at kaagad binalikan si Colleen sa kuwartong inookupa nito. Mabilis ngunit maingat ang kanyang kilos nang simulan niyang punasan ang noo, mukha at mga kamay ng babae. Nang akto na niyang pupunasan ang leeg patungo sa nahantad nitong dibdib ay natigilan siya. Was he making it right? He was about to invade a sensitive part of her body.

You're just taking care of a sick person, Curt, katuwiran ng isip niya.

Muli niyang tinitigan ang dalaga. She looked so vulnerable but at the same time tempting. Nakalilis ang roba nito at nahantad ang makikinis at mapuputi nitong hita.

Marahas siyang napabuntong-hininga. Nais niyang pagalitan ang sarili dahil nagsisimula na siyang makadama ng pag-iinit ng katawan. He could even feel the arousal of his manhood.

No! ang nais niyang isigaw. May-sakit si Colleen at

kailangan niyang alagaan. Kaya sa naisip ay naibalik niya ang sariling katinuan. May nginig man sa mga kamay ay tinapos niya ang nasimulan at dumistansya na rito pagkatapos. Baka hindi na niya mapigil ang sarili sa muli nilang paglalapit.

Napapalatak siya nang sumagi sa kanyang isip ang hitsura ng babae na basang-basa pa ang damit nito at nang suot na nito ang t-shirt at roba niya. She looked so alluring and... mysterious. Nakita niya kung paano itong nag-blush kanina. She was not a teenager anymore. They're all grown-ups now. Hindi na bagay rito ang ganoon lalo na sa reputasyon nito noon. Typically, she was not the girl he used to know or did he really knew her that well to judge her the way she was?

Kinabukasan...

“Feeling better?” anang boses mula sa paanan ng kamang kinahihigaan ni Colleen.

Pinakiramdaman na muna niya ang sarili bago tinangkang bumangon.

“Hey! ’Wag mo munang piliting bumangon,” kaagad na pigil nito sa kanya.

“Don’t worry about me, Curt, okay na ako. I just have this throbbing...” aniya pero hindi na natapos ang iba pang sasabihin nang bigla niyang naramdaman na tumigil ang kanyang paghinga at parang kiniliti ang ilong niya. She sneezed hard three times. “Oh, no!” she helplessly muttered. “I think I caught flu.”

Isang pigil na ngiti ang kumawala sa mga labi nito. “Perhaps... so what do you want for breakfast?”

“Nothing, I just want a glass of water for now.”

Tumalima kaagad ang binata. Nagsalin ito sa baso ng tubig mula sa pitsel na nakapatong sa side table na naroon at ibinigay sa kanya pagkatapos. Inalalayan pa siya nito nang inumin niya ang tubig. Idinampi na rin nito ang likod ng kanang kamay sa noo at leeg niya. Natigil siya sa pag-inom ng laman ng basong hawak niya and became very aware of his presence.

“You take some rest for a while. Aling Isay, my caretaker is making a soup for you,” he said. “I guess makabubuti ’yon sa ’yo. By the way, here, take this.” He handed her a plastic bag. “Ipinabili ko ’yan sa kanya kanina nong magpunta siya ng palengke. Pagtiyagaan mo na lang ’coz it’s not signature brand.”

She was puzzled as she opened the plastic bag. Kaya pala, isang pares ng underwear at damit ang laman niyon. Na-touch tuloy siya sa thoughtfulness na ipinakita ni Curt.

“Titingnan ko lang sa kusina kung luto na ang soup,” paalam nito.

“Uhm... Curt,” pigil niya sa binata.

Lumington ito sa kanya. “Yes?”

“Thank you so much for taking care of me,” madamdaming pahayag niya sa lahat ng kagandahang-loob na ipinakita ng abogadosa kanya simula nang nakalipas na gabi nang yayain siya nito sa bahay nito.

“Don’t mention it. I’m just being hospitable to my guest. And maybe, this is my way of saying how sorry I am for what I did yesterday. If not because of me, you’ll be up and about.”

Parang sinampal ang dalaga sa sinabi ni Curt. Oo nga naman, ano pa ba ang aasahan niya sa ginagawa nito sa kanya? Bakit niya binibigyan ng ibang kahulugan ang pag-aalagang ginawa nito samantala alam na niyang napaka-humanitarian ng ugali ng binata noon pa?

How stupid of me to think that he is into me?

kastigo ng isang bahagi ng utak niya.

Inis na hinila niya ang kumot at itinalukbong iyon sa ulo pagkalabas ng lalaki sa silid. Pakiramdam niya ay nilalamig ulit siya at parang tumataas ang temperatura niya. Sumasakit din ang kanyang lalamunan at ilang saglit pa ay inubo na siya nang inubo. Panay pa ang hatsing niya and she started to have a runny nose.

'Kaasar! naiiritang reklamo niya.

Hindi na nagtaka si Curt nang abutan siya sa ganoong sitwasyon.

"I guess I have to bring you to the hospital now," he said, there was a hint of concern in his voice. "I will let Aling Isay assist you in dressing up. Sa Manila na kita ipapagamot."

Nagising na lang ulit siya na puting kapaligiran ang tumambad sa kanya. She searched the whole room and saw Tina lying on the couch.

"Tina!" she called her, her voice soft.

Nagising kaagad ang matalik na kaibigan.

"Are you okay now, Colleen?"

“Si Curt?” she asked instead of answering Tina’s query.

“He has gone to his office half an hour ago.”

“Is he coming back?”

Nagkibit-balikat lamang ito.

Napabuntong-hininga siya. Alam niyang hindi na babalik si Curt at hindi na sila magkikitang muli. Lalo lang tuloy siyang nalulungkot dahil kung kailan nakalimutan na niya ang kahibangan sa lalaki noon ay saka naman sila pinagtagpong muli in an unlikely situation. Bibilang uli ng taon bago niya tuluyang makalimutan ang binata. Hindi niya maiwasan ang umasam na sana mapansin na siya nito.

“You go back to sleep now, Colleen. Kailangan mong mabawi ang lakas mo. May trabaho pang naghihintay sa ’yo,” ani Tina na nagawa pang magbiro.

Wala siyang nagawa kundi ang ipinikit na lang ang kanyang mga mata.

Naging kabagut-bagot ang sumunod na mga araw para sa dalaga. She wanted to go home but the doctor wouldn’t allow her unless her laboratory

results were all okay. Kaya nang araw na sabihin nitong puwede na siyang umuwi ay ipinaayos kaagad niya sa katulong ang clearance niya sa hospital. Ayaw na niyang mag-stay nang isang araw pa. Siya na mismo ang nagligpit ng mga gamit niya habang nasa billing section si Aling Bebang.

At sa excitement niyang makauwi, hindi na niya pinansin ang marahang katok sa pinto. Abala siya sa paglalagay ng huling damit sa bag.

“Hey, I’m sorry kung pumasok na ako. I thought you we’re sleeping ’coz I didn’t get a reply when I knocked,” said a voice coming from the entrance. “Pauwi na ba kayo niyan?”

Hindi kaagad nakasagot ang dalaga pagkakita sa di-inaasahang bisita. Who would ever expect this man to be here? Di ba nga naikondisyon na niya ang sarili na huling pagkikita na nila nong araw na dalhin siya nito sa ospital?

“I’m sorry, hindi na kita nakamusta ulit after I brought you here. Naging masyadong busy lang ako sa office this past few days,” Curt apologized. “Paalis na ba kayo?”

“Uhm... yeah. Nasa billing section lang si Aling Bebang paying my hospital bill then we’ll go home

na. Magpapatawag na lang ako ng taxi. Nasa studio na kasi si Tina ngayon, kaya walang susundo sa amin para ihatid sa bahay.”

“Ba’t pa kayo kukuha ng taxi, ’andito naman ako. I can take you home.”

“No...” she snapped. “I mean, baka makaabala lang kami sa ’yo Curt. I know you’re a busy man.”

“It wouldn’t take much of my time, Colleen. Besides, I have nothing to do today, kaya nga dinalaw kita rito. Di ko naman akalaing lalabas ka na pala.”

“Are you sure okay lang sa ’yo na ihatid kami?”

Napangiti si Curt sa kanya. “Why, of course.”

Muling ibinalik ni Colleen ang tingin sa mga inililigpit na gamit at lihim na napangiti. Parang inihehele ang puso niya ngayong nandito ang binata.

“Señorita, tapos na po akong magbayad,” anang katulong na kapapasok lang sa kuwarto. Kasunod nito ang isang orderly na may dalang wheelchair.

“Then let’s go,” she said.

Lalong ikinagulat niya ang sumunod na tagpo. Awtomatikong binuhat ni Curt ang ilang gamit niya bago siya inalalayang makaupo sa wheelchair. Para

itong umaakto na boyfriend niya.

O, ayan ka na naman diyan sa ilusyon mo, sundot ng isang bahagi ng utak niya.

Hindi natigil ang tuwina'y pag-alalay nito sa kanya. Maging noong marating na sila ang condo unit niya ay hindi pa rin ito humiwalay sa kanya. Ito pa mismo ang nag-volunteer na ihatid sa kuwarto niya ang kanyang mga gamit.

“Masyado ka na naming naabala, Curt. Thank you talaga, “ aniya nang nasa silid na sila.

“Masarap na hapunan lang ay okay na ako,” pabirong saad nito.

Nangislap ang kanyang mga mata sa narinig. Sa pahayag kasi ng binata ay gusto pa muna nitong manatili kasama nila.

“Then you are invited to dine with us tonight if your time permits you.”

“My pleasure, Colleen. Besides, to refuse an offer is an insult,” animated pa ring saad nito.

Napatawa siya. “But you invited yourself first,” she joked.

Sabay silang napatawa.

“Baka gusto mo munang magpahinga while we wait for our delicious dinner. Halika, sa balkonahe tayo,” yaya niya.

Kaagad itong sumama sa kanya.

“By the way, do you want something to drink? Magpakuha tayo kay Aling Bebang.”

“I’m fine. I’ll let you know if I needed something.”

“Okay. Anyway, this is my favorite place here in this house. Dito kasi sa lugar na ’to, I can be myself. Na-re-relax ako and I can work peacefully here. Para kasi akong nakakakita ng fireflies with the city lights down there, kaya na-i-inspire ako to work even harder,” bida niya sa balkonahe.

Tinanaw muna ni Curt ang buong paligid bago muling tiningnan ang kausap. “You have a nice place here. You really have a taste for beauty, Colleen.”

“Is that a compliment?”

“Oh!” he said as he’d realized what she was trying to imply. “I didn’t mean anything bad about what I’ve said. Then and now, your love for beautiful things really never changed. Madalas nga nating pag-awayan noon ’yong pagiging artistic mo, right?”

Napangiti si Colleen. “Oo nga kasi ang paniniwala

mo puro lang kaartehan ang nasa utak ko. And because you just wanted to finish everything on time, ayon the end result hindi naman kagandahan ang presentation natin. Typical of men. At kahit gusto kong mag-argue nang mag-argue sa 'yo ay tinitikis ko na lang ang sarili ko para maturuan ka rin ng leksyon."

"But to no avail," he concluded. "Hindi kasi ako tinatablan ng mga kadramahan mo," tatawa-tawa pa nitong dugtong.

"Because you're just too stubborn and self-righteous," she corrected.

"Self-righteousness ba 'yon?" natatawang saad nito.

"Ewan ko sa 'yo. 'Wag na nga nating pag-usapan kasi baka mag-away na naman tayo. Sawa na ako sa mga arguments natin simula pa noon, Curt."

Umayos nang upo ang binata saka itinaas ang dalawang kamay para gawing unan. "Know what, it's nice to reminisce the past. It made me smile."

Napaismid siya sa narinig.

"O, ba't ganyan ang mukha mo?" Bumalik ang pagiging animated nitong magsalita.

“Wala,” mabilis niyang tugon.

Magsasalita na sana ito kung hindi lang tumunog ang kanyang cellphone. Hindi na siya nagpasintabi kay Curt, sinagot na niya ang caller.

“I guess you had a not so good news kasi mas lalo kang tumamlay after the call,” puna ng lalaki.

“That was Ate Cenie, one of my co-volunteers sa isa sa mga orphanages na tinutulungan ko. We organized an event for the children slated for tomorrow, but because kagagaling ko lang sa sakit ay hindi na muna nila ako papupuntahin dahil baka mabinat ako. But the problem is, nag-back out ’yong isang kasama namin dahil may emergency sa kanila so I have to fill in his place.”

“So pupunta ka kahit ayaw mo sana?”

“Hindi naman sa ayaw kaya lang baka di ko pa kayanin ang byahe ’coz it’s an educational field trip for the children. May kaunting salo-salo sa bahay-ampunan after the trip.”

“Kailangan ba talagang ’andoon ka bukas? Di ba magpapahinga ka pa nang ilang araw bago ka bumalik sa trabaho?”

“I have to. Kailangan nila ako doon because I

will be their tourist guide. 'Yong volunteer na kasama namin na nag-back out plays a very important role in the trip 'coz next to me, siya lang 'yong taong may alam sa history ng bansa."

Napatangu-tango si Curt.

"Señorita, kakain na po," narinig nilang tawag ni Aling Bebang sa pintuan ng balkonahe.

"Halika na. Di ba gusto mo ng masarap na hapunan?" yaya ni Colleen sa binata.

Simpleng lutong-bahay ang nadatnan nila sa hapag, iyong madali lamang lutuin pero natakam pa rin si Curt sa mga ito.

"Pagpasensyahan na po talaga ninyo ako, Aling Bebang, pero talagang na-miss ko lang ang lutong-bahay kaya hindi na po ako nahiyang magpahiwatig kay Colleen na makikikain po ako rito," ani Curt matapos nilang magdasal.

"Wala anuman po 'yon, Sir Curt. Nakakataba nga po ng puso kapag na-a-appreciate po ang luto ko. 'Tsaka mabuti rin 'yong paminsan-minsan may nagagawi ritong bisita para naman maubos 'yong mga inihanda kong pagkain. Pag kami-kami lang kasi rito, parang mga ibon lang kung kumain sina Ma'am Colleen at Ma'am Tina kaya maraming natitirang

pagkain.”

“Gan’on po ba? Ang sarap pala rito tumira kasi palaging masarap ang pagkain. Siguro’y mahal na mahal kayo ng asawa n’yo kasi ang sarap n’yo pong magluto.”

“Eh, hindi naman po ako gan’on kagaling magluto noon. Tinuruan lang po ako ni Ma’am Colleen kung paano kaya mas gumaling po ako.”

“Talaga po? Ikaw pala ang master chef, Colleen?” baling nito sa dalaga.

“Hmph! At bakit parang hindi ka makapaniwala riyan? Hindi naman ako alien para hindi matutunan ang mga gawaing-bahay katulad ng pagluluto,” tugon niya.

“Ay! Sir, pag ang luto ni Ma’am Colleen ang natikman ninyo’y pihadong hahanap-hanapin n’yo po at baka dito na nga kayo tumambay palagi sa bahay,” pakuwelang salo ni Aling Bebang.

“Pumayag kaya ang amo n’yo, Aling Bebang, na may ibang taong tatambay-tambay rito at makikikain? Baka ho lasunin na ako kasi ang takaw-takaw ko.”

Bahagyang napahagikgik si Colleen. “Loko-loko!”

“Hindi ako nagbibiro. Seryoso talaga akong

matikman ang luto mo,” sabi ng binata.

“At bakit? Hindi naman kita boyfriend para ipagluto kita, aber,” kunwa’y pagtataray niya. Itinirik pa niya ang dalawang mata.

“Boyfriend lang ba ang p’wedeng ipagluto? Di ba p’wedeng kahit friend lang?” ungot nito.

“Friends na agad tayo ngayon kasi nalaman mo na ang alien ay p’wede palang magluto ng masarap na pagkain.”

“Colleen naman,” tila batang maktol nito.

“Okay, para sa ikatatahimik mo, I’ll just call you if when is the eating session here.”

“Thanks. Sa wakas, hindi na ako magsasawang kumain sa fine dining restaurant.”

“Mag-asawa na lang po kayo, Sir Curt, para may asawa nang magluluto para sa inyo ng masarap na pagkain,” hirit ni Aling Bebang.

“Darating din po tayo riyan, Aling Bebang. For now, i-e-enjoy ko po muna ang sarap ng luto n’yo. And thanks for letting me eat with you tonight.”

Parang hinaplos ang puso ni Colleen sa sinabi ng binata. Para kasing may ipinapahiwatig ang mga

kilos at pananalita nito. Bagaman ayaw na muna niyang pangunahan ang damdamin ng kausap, she was hoping they do feel the same way.

Isang napakagandang umaga ang sumalubong kay Colleen kinabukasan. She felt recharged. Handang-handa na siya kumbaga para sa kanyang charitable activity. Napakagandang ngiti pa ang naka-plaster sa kanyang mukha at lahat ng mgataong nakasalubong niya patungong parking lot ng building ay talagang binati niya.

“Ang ganda naman ng gising natin, ah,” narinig niyang sabi ng isang lalaki nang palapit na siya sa kanyang sasakyan.

Napatda siya. Nang nagdaang gabi lang ay kasalo nila ito sa pagkain at heto, umagang-umaga ay nasa harapan uli niya, in flesh. Meaning, hindi panaginip.

“Hey, what are you doing here?” she asked. Nakabawi na siya sa pagkagulat.

“Waiting for you.”

“And why?”

“Because I know you need me.”

Napakunot-noo ang dalaga. “And why is that so?”

Napangiti si Curt. “Actually, I volunteered myself to come along on your educational field trip because I am a historian and could help you more with the kids.”

She was caught off guard. Hindi niya kasi inakala na sasama ito sa kanya ngayon.

“Hey, hindi ka na nagsalita riyan,” tudyo nito.

“I’m sorry. We better get going. Baka mahuli na tayo.”

“Your car or mine?”

“Lubus-lubusin mo na ang pagtulong mo. We’ll gonna use your car.”

“Then hop in,” he signaled her before opening the passenger seat door.

Makuwento si Curt habang daan kaya hindi na nila namalayan na narating na pala nila ang destinasyon. Pagbaba nila ng sasakyan ay kaagad silang sinalubong ni Ate Cenie.

“Colleen, Hija,” anitong kababakasan ng pagkabahala ang mukha.

“Ate Cenie, you look worried. What happened?”

“Si Karla, iyak nang iyak. Ayaw na raw sumama.”

“Bakit daw?”

“Ewan ko ba sa batang ’yon.”

“Nasaan po siya?”

“Andoon sa lobby.”

“I’ll talk to her,” aniya. “Oh, by the way, I’m with Atty. Curt Lazarus. He is my high school and college pal. He is here to volunteer also.”

“I’m glad to meet you, Atty. Lazarus,” ani Ate Cenie, sabay abot ng kamay sa lalaki.

Hindi na nag-aksaya ng oras si Colleen. Kaagad niyang pinuntahan si Karla. Sumunod sina Ate Cenie at Curt, ngunit hindi na masyadong lumapit sa dalawa. Ganoon na lang ang tuwa ng nakatatandang babae nang ilang sandali pa ay nakita nilang nagyakap sina Karla at Colleen at magkahawak-kamay na naglakad patungo sa kanila.

Curt could not describe his emotion upon seeing Colleen with the kid. He had never seen such a woman whose compassion for the orphans was so great that it radiated her whole self.

“You’re really an angel, Colleen,” naiiyak na

sambit ni Ate Cenie.

Ngiti ang naging tugon ng dalaga.

“Ate Cenie, may I know our destination for today’s field trip? I volunteered myself to be the kids’ tourist guide,” baling ni Curt sa babae nang makabawi sa di-maipaliwanag na damdamin na bumangon sa puso nito.

“Oh! Come on, kunin natin ang program of activities sa secretary namin. Colleen, pakidala na lang ’yong mga bata malapit sa tourist bus para makaalis na tayo.”

“Yes, Ate Cenie.”

Matapos mapag-aralan ang program of activities ay nagpakilala na si Curt sa mga bata bilang tourist guide ng mga ito at ipinauna nitong puwedeng magtanong ang grupo patungkol sa mga topics na bubuksan nito.

Habang daan ay panay na ang bigay ng binata ng trivia tungkol sa mga pangalan ng mga kalye, kaya naman tuwang-tuwa ang mga bata. Naging napaka-educational ng byahe ng mga ito.

Kinatanghalian...

“Mabuti humiwalay na sa ’yo si Karla. Nawili na

siya sa pakikipaglaro sa ibang bata.”

“Naalala lang n’ong bata ’yong time na masaya silang nagbyahe ng buong pamilya nila at naaksidente sila. She’s the only one who survived, kaya naging gan’on ang reaksiyon niya kanina. But with God’s grace, nakuha ko naman agad ang loob niya kaya nakalimutan na ang nangyari sa pamilya niya.”

Napatangu-tango ang binata. “How long have you been doing this, Colleen? I mean doing charitable works?”

“Five to six years, I think. Kasisimula ko pa lang sa pagiging reporter noon ay naging involved na ako sa charitable works.”

Muli ay napatangu-tango ito. “So you derive your joy from these kids?”

Tumango siya. “Yes, because I know each one of them has their own unique personality at nakakatuwang isipin na p’wede pala akong maging ina sa kanila. ’Yong hindi ko na kailangang manganak para tawaging ‘Nanay’.”

“And you want to keep it that way?” Halatang naging interesado ito sa nalaman.

“What do you mean?”

“Yong hindi mo na iisiping mag-asawa because you already found a family in them?”

Sandaling natahimik si Colleen at nag-isip. Hindi niya mapagpasyahan ang isasagot. “Well, kung ano’ng ibibigay ng Diyos sa akin ay tatanggapin ko. If He wanted me to serve His people this way then so be it. Kahit naman anong dasal ko para makapag-asawa na ako but then it’s not part of His plan, wala akong magagawa,” aniya. “Teka nga muna, bakit ba napakapersonal naman ng topic natin? Nakakapanibago tuloy. You see, kibuin-dili mo ako noon because I know you hated me much. I’m the bitch, right?”

Natawa ito. “Kaya nga kita kinikilala ngayon. I didn’t have the chance to do it then.”

Naitirik niya ang mga mata. “Ikaw kasi ang engot mo. Halika na nga, we are about to leave.”

Napakamot na lang ito sa batok.

Sinikap ni Colleen na dumistansya kay Curt. Hindi niya nagugustuhan ang reaksiyon ng puso niya dahil parang may ipinapahiwatig ang bawat kilos ng binata. Ayaw niyang umasa na naman sa wala. Tapos na siya sa kabanatang iyon sa buhay niya. Ayaw na niyang mawindang masyado nang dahil lamang sa

pag-ibig.

“Are you tired?” usisa nito sa kanya nang patapos na ang munting programa para makompleto ang activity nila sa araw na iyon.

“Not really. I am more delighted upon seeing the kids’ happy faces. And on their behalf, I’m thanking you from the bottom of my heart because you did a great job as their tourist guide. For sure, they learned a lot from you.”

Makahulugang ngiti lang ang iginanti nito. “I guess we have to go so that the kids can rest. Thank you din for allowing me to come here with you. I also learned something from you and the kids.”

Matapos nilang magpaalam ay umalis na sila. Nang nasa sasakyan na sila ng abogado ay hindi niya napigilan ang paghikab.

“Oh, my God! I’m so sorry for that, Curt.”

“That’s okay. You can take a nap. I’ll just wake you up pagdating natin sa inyo.”

Humalukip ang dalaga at kaagad naidlip hindi pa man sila nakaalis sa bahay-ampunan.

Samantala, isang nakakaunawang ngiti ang namutawi sa mga labi ni Curt. He was so glad to be

able to witness the other side of Colleen's somewhat bitchy character. Ayaw man niyang isipin ngunit nagustuhan niya ang nasaksihan. She was indeed an angel in disguise.